Ang Nawawalang Kuwintas

Noong unang panahon, may isang uwak na nakabili ng mamahaling kuwintas sa isang negosyante. Sa sobrang tuwa ng uwak, agad niya itong isinuot para makita ng lahat.

Lumipad ang uwak patungo sa magandang hardin. Doon, napansin ito ng kaibigan niyang inahing manok na kasama ang kaniyang mga sisiw.

"Ang ganda naman ng kuwintas mo," sabi ng inahing manok. "Puwede ko bang mahiram? Isosoli ko agad bukas." Dahil matagal nang magkaibigan, pumayag ang uwak.

Nang sumunod na araw, bumalik ang uwak para kunin ang kuwintas. Nakita niya ang inahing manok na nagkakahig ng lupa.

"Nasaan na ang kuwintas ko?" tanong ng uwak.

"Pasensiya na. Nawala ang kuwintas mo," sagot ng inahing manok. "Kinuha ito ng mga sisiw ko habang natutulog ako. Pinaglaruan nila at ngayon hindi na namin makita."

“Bayaran mo ito!” sigaw ng uwak. “Kung hindi, sasabihin ko sa hari na ninakaw mo ang kuwintas.” Natakot ang inahing manok. Sabi pa ng uwak “Kukunin ko isa-isa ang mga sisiw mo sa bawat araw na hindi mo maibabalik sa akin ang kuwintas. “

Sa takot ng inahing manok na isumbong siya ng uwak sa hari at kunin ang kaniyang mga sisiw ay pilit pa rin niyang hinanap ang kuwintas.

Hangang ngayon, makikita natin ang mga manok na patuloy na nagkakahig ng lupa para hanapin ang nawalang kuwintas. Patuloy ring kinukuha ng uwak ang mga sisiw bilang kabayaran sa nawalang alahas. Sabi pa nga, hindi matitigil ang pagkakahig ng manok hangga’t hindi naibabalik ang nawawalang kuwintas.